



MGA REKOMENDASYON SA COVID-19

HAWAII DEPARTMENT OF HEALTH

ANG DAPAT GAWIN KUNG ANG ISANG TAO SA IYONG LUGAR NG TRABAHO AY MAY COVID-19

Kung ang isang taong may COVID-19 ay natukoy sa iyong lugar ng trabaho, ang Kagawaran ng Kalusugan ng Hawaii (Hawaii Department of Health, HDOH) ay mag-iimbistiga upang malaman kung ang tao ay nasa trabaho sa panahon ng impeksyon.

- Kung oo, hihingin ng HDOH sa indibidwal at/o superbisor na bumuo ng isang listahan ng malalapit na kontak sa lugar ng trabaho sa panahon ng impeksyon (2 araw *bago* magsimula ang sakit o, kung walang mga sintomas, 2 araw bago ang pagsusuri sa koleksyon ng COVID-19 ay nakolekta, hanggang sa ang taong may COVID-19 ay huling nagtatrabaho).
- Dapat panatilihin ng superbisor na kompidensiyal ang pagkakakilanlan ng indibidwal na may COVID-19
- Ang malalapit na kontak sa lugar ng trabaho ay nilinaw bilang:
 - Sa loob ng 6 na talampakan ng isang tao na may COVID-19 sa loob ng 24 na oras na tagal para sa pinagsamang kabuuang 15 minuto o mas mahaba l
 - Nasa tuwirang kontak sa mga secretion mula sa isang taong may COVID-19 (halimbawa, naubuhan)
- Tatawagin ng HDOH ang malalapit na kontak upang ipagbigay-alam sa kanila ang pagkahantad. Malalapit na kontak:
 - Dapat manatili sa bahay at subaybayan ang kanilang kalusugan para sa 14 na araw pagkaraan ng huling kontak sa taong may COVID-19
 - Dapat tawagan ang kanilang karaniwang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan kung nagkaroon sila ng mga sintomas (halimbawa, lagnat, ubo, pangangapos ng hininga) at ipagbigay-alam sa kanila na sila ay nahantad sa isang taong may COVID-19
 - Dapat sumagot agad kapag kinontak sila ng mga tauhan ng HDOH upang subaybayan ang kanilang quarantine, at bigyan ng paunawa ang HDOH kung sila ay nagkaroon ng mga sintomas

PAGLILINIS AT PAGDIS-IMPEKTA PAGKATAPOS MALAMAN NA ANG ISANG TAONG MAY COVID-19 AY NANGGALING SA LUGAR NG TRABAHO

Sa alinmang lugar ng trabaho na **HINDI NAGPAPATIGIL NG MGA TAO SA MAGDAMAG:**

- Sarhan ang anumang mga lugar na ginamit nang matagal na panahon ng isang taong may sakit.
- Buksan ang mga pinto at bintana sa labas upang itaas ang sirkulasyon ng hangin sa mga lugar na ito.
- Maghintay ng 24 na oras bago ang paglilinis at pagdis-impekta upang bawasan ang posibleng pagkahantad ng ibang mga empleyado sa mga droplet ng paghinga. Kung ang paghihintay ng 24 na oras ay hindi magagawa, maghintay hanggang posible.
- Sundin ang [CDC Cleaning and Disinfection Recommendations](https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/cleaning-disinfection.html#Cleaning):
<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/cleaning-disinfection.html#Cleaning>
- Kung 7 araw o higit pa ang nakalipas mula nang gamitin ng may sakit na empleyado ang pasilidad, ang karagdagang paglilinis at pagdis-impekta ay hindi kailangan.